
3

# Filipino

## Ikalawang Markahan – Modyul 1: Pagtukoy sa mga Salitang Magkakatugma/Batayang Talasalitaang Pampaningin





PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Filipino – Ikatlong Baitang**
**Alternative Delivery Mode**
**Ikalawang Markahan – Modyul 1: Pagtukoy sa mga Salitang Magkakatugma at Talasalitaan/ Batayang Talasalitaang Pampaningin**
**Unang Edisyon, 2021**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisiyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

**Manunulat:** Linor B. Majestad, Jaycel D. Suganob

**Editor:** Cristy S. Agudera, Lorna C. Ragos

**Tagasuri:** Jeneth D. Tabungar, Christopher U. Gonzales

**Tagawasto:** April T. Delos Santos

**Tagaguhit at Tagalapat:** Precious Jean C. Enriquez, Jecson L. Oafallas, Maelyne Yambao, Mary Grace P. Refulle

**Tagapamahala:** Allan G. Farnazo, Mary Jeanne B. Aldeguer, Analiza C. Almazan, Ma. Cielo D. Estrada, Mary Jane M. Mejorada, Josephine L. Fadul, Christine C. Bagacay, Lorna C. Ragos, Cristy S. Agudera, Alma D. Mercado

**Inilimbag sa Pilipinas ng** _______________________

**Department of Education – RegionXI**

Office Address: F. Torres St., Davao City

Telefax: (082) 291-1665; (082) 221-6147

E-mail Address: region11@deped.gov.ph * lrms.regionxi@deped.gov.ph

3

# Filipino

## Ikalawang Markahan – Modyul 1: Pagtukoy sa mga Salitang Magkakatugma at Talasalitaan/ Batayang Talasalitaang Pampaningin

DEPARTMENT OF EDUCATION

# Paunang Salita

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan.Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy.

# Alamin

Kumusta ka na?

Ako'y lubos na nasisiyahan dahil napagtagumpayan mo ang naunang gawain!

Sa araling ito, matututuhan mo ang mga salitang magkakatugma at lilinangin ang inyong kaalaman sa talasalitaan.

Ito ay kalimitang makikita sa mga akdang pampanitikan gaya ng tula. Magpatulong ka sa iyong kapamilya para basahin ang mga teksto o kuwento. Maaari ring humingi ng gabay sa pakikinig ng teksto sa kamag-anak na nakatira o malapit sa inyong bahay tulad ng iyong tiya at tiyo.

May mga gawain akong inihanda para sa iyo upang mahasa ang iyong kaalaman tungkol dito.

Kaya, pagkatapos pag-aralan ang modyul na ito, ikaw ay inaasahang:

- natutukoy ang mga salitang magkakatugma (F3KP-IIb-d-8).
- nababaybay nang wasto ang mga salitang natutuhan sa aralin/batayang talasalitaang pampaningin (F3PY-IIIb-2.2/2.3).



# Subukin

## Gawain ng Magulang/Tagapagturo


- Gabayan ang bata sa pagbabasa. Kung ang bata ay hirap sa pagbabasa, maaari mo siyang sabayan o basahin sa kaniya nang malakas ang bawat aytem.

## Gawain ng Mag-aaral

- Sagutin ang mga gawain

Panuto A: Punan ng nawawalang pantig ang patlang upang mabuo ang pangalan ng larawan. Tukuyin ang magkasintunog na pantig sa hulihan at isulat ito saloob ng kahon. Gawin ito sa inyong sagutang papel.






i _ _ _ dala_ _ di_ _ _ i _ _

Mga salitang magkasintunog ang hulihan ay

_______________ at ________________

Panuto B. Piliin sa tatlong salita ang wastong baybay na tinutukoy ng bawat larawan. Isulat ang iyong mga sagot sa sagutang papel.

1. 

lalake
lalaki ______________________
lalakki

2. 


gusale
gusali ______________________
gosali

3. 

nagalalaba
naglalaba ______________________
naglababa


4. 

kumakanta
kumankanta ______________________
komakanta

5. 

nagtetinda
nagtetenda ______________________
nagtitinda

| Aralin 1 | Pagtukoy sa mga Salitang Magkakatugma at Talasalitaan |
|---|---|



## Balikan

### Gawain ng Magulang/Tagapagturo


- Gabayan ang bata sa pagbabasa.
- Ipaliwanag sa kaniya ang gagawin

### Gawain ng Mag-aaral

- Makinig sa direksyon ng iyong magulang o guro
- Sagutin ang Gawain

Panuto: Basahin at unawain mo ang iba't ibang sitwasyong nasa ibaba.

Isulat sa kuwaderno ang titik ng magalang na pananalitang angkop gamitin.



1. Pinagbabawalan ka ng nanay mong lumabas ng bahay dahil sa pandemiya ngayon. Ano ang iyong gagawin?
   a. Iiyak na lang po ako upang ako ay palalabasin ni nanay.
   b. Makikipaglaro na lamang po ako sa aming kapitbahay.
   c. Susundin ko po si nanay upang ako ay maging ligtas.

2. May pangambang hindi magkakaroon ng klase sa eskwelahan. Sabik ka pa namang makita ang iyong mga kaibigan sa pagbubukas ng klase.
   a. Bibisitahin ko na lamang sa kani-kanilang bahay ang aking mga kaibigan.
   b. Makikibalita na lamang ako sa aking mga kaibigan sa pamamagitan ng cellphone.
   c. Magrereklamo ako sa aming punungguro.

3. Malaki ang gambalang naidudulot ng pandemiya sa mga tao. Talagang dama ang hirap ng buhay ngayon.
   a.Didiligan ko ang mga gulay ni nanay upang mayroon kaming maibenta.
   b.Habang wala pang klase, matutulog at maglalaro lamang muna ako bahay.
   c.Magpapabili ako ng bagong damit na susuotin ko ngayong pasukan.

4. May panawagang pipili umano ng uri ng pag-aaral ang mga magulang para sa kanilang mga anak. Pinili ng iyong ama ang modyular kaysa online nang sa ganoon, sa bahay ka na lamang mag-aaral.
   a. Hindi ako papayag dahil mas sosyal ang pag-aaral sa online.
   b. Sasabihin ko sa aking magulang na hindi na lamang muna ako mag-aaral ngayong pasukan.
   c. Susuportahan ko na lamang po ang desisyon ni tatay.

## Tuklasin

### Gawain ng Magulang/Tagapagturo


- Gabayan ang bata sa pagbabasa. Tulungan siya kung kinakailangan, maaaring sabayan mo siya o basahin nang malakas ang tula.
- Ipaliwanag sa kaniya ang gagawin.

### Gawain ng Mag-aaral

- Makinig sa direksyon ng iyong magulang o guro
- Sagutin ang gawain



Panuto: Basahin at unawain mong mabuti ang tula. Pagkatapos, sagutin ang mga tanong sa Gawain 3 at tukuyin ang mga salitang magkakatugma at isulat sa iyong sagutang papel.



**"Ang Aking Pamilya"**
Ni: Linor B. Majestad

Tunay ngang masaya
Ang aming pamilya
Lahat nagmamahalan
At nagtutulungan.

Puso ni Nanay
Talagang dalisay
Kaagapay si Tatay
Sa gabay at patnubay.


Panuto: Sagutin ang mga tanong at isulat ang wastong sagot sa iyong sagutang papel.


1. Ano ang pinag-uusapan sa tula?
   a. Ang Aking Alaga
   b. Ang Aking Pamilya
   c. Ang Aking Kaibigan
2. Sino ang binanggit sa nabasa mong tula?
   a. pamilya
   b. kaibigan
   c. kapitbahay
3. Kaninong puso ang dalisay?
   a. ate
   b. kuya
   c. nanay
4. Batay sa tula, paano nagiging masaya ang kanilang pamilya?
   a. Kung may trabaho si tatay.
   b. Kung may bunso sa pamilya.
   c. Kung nagmamahalan at nagtutulungan.

Mula sa nabasang tula "Ang Aking Pamilya", sumulat ng salitang magkakatugma sa iyong sagutang papel.

Halimbawa:

| | |
|---|---|
| 1. masaya – pamilya | 3.__________- ____________ |
| 2. _________ - __________ | 4.__________- ____________ |



**Ang Magkapatid**

Ni: Jaycel D. Suganob

Araw ng Sabado nang maisipan ng magkapatid na sina Roy at Poy na maglaro ng baril barilan sa loob ng kanilang tahanan. Gustong gusto nila itong laruin sapagkat pangarap nilang maging isang sundalo. Dahil mabilis nilang natapos ang paggawa ng takdang-aralin agad naman silang pinayagan ng kanilang ina. "Salamat inay" sambit ng dalawang bata.

Masayang naglalaro sina Roy at Poy sa isang madilim na bakanteng silid sa kanilang bahay. Habang sila ay naglalaro may nakita silang isang kandila at posporo sa gilid. Kinuha nila ito at pinaglaruan. Hindi alintana ng dalawang bata ang maaaring sakuna na maidudulot nito. Buti na lang ay maagang nakauwi ang kanilang ama galing sa trabaho at sila ay nakita at pinagsabihan.

B. Punan ng angkop na letra ang kahon upang mabuo ang salita. Isulat ang iyong sagot sa sagutang papel.

1. May malaking espasyo o walang laman.

| | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|
| b | | k | | n | | e |

2. Ito ay kung saan ka nakatira at may mga kagamitan.

| | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|
| | a | h | | n | | n |

3. Ito ay isang hanapbuhay kung saan ikaw ay kumikita.

| | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|
| t | r | | b | | h | |

4. Ito ay ang leksiyon na itinuturo ng iyong guro.


| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| | r | | l | | n |

5. Ito ay aksidenteng pangyayari o malaking kapinsalaan.

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| s | a | | u | | a |

## Suriin

Para mas maunawaan mo salitang magkatugma at batayang talasalitaan pampaningin, may pagpapaliwanag at mga halimbawa akong inihanda para sa iyo.



## Gawain ng Magulang/Tagapagturo

- Gabayan ang bata sa pagbabasa. Tulungan siya kung kinakailangan, maaaring sabayan mo siya o basahin nang malakas ang tula.
- Ipaliwanag sa kaniya ang gagawin

## Gawain ng Mag-aaral

- Makinig sa direksyon ng iyong magulang o guro
- Sagutin ang gawain

### Salitang Magkakatugma

Ang salitang magkakatugma ay tumutukoy sa mga salitang magkapareho ang tunog sa huling pantig ng mga salita. Ang tula ay kadalasang may magkakatugmang salita. Ang magkakatugmang salita ay may magkakapareho at magkakaibang kahulugan.

Mga Halimbawa:

| | |
|---|---|
| a**lak** - ba**lak** | kat**ha** - lik**ha** |
| ak**da** - is**da** | la**man** - ya**man** |
| ba**ga** - da**ga** | pu**lo** - gu**lo** |

Sa pagbabaybay nang wasto sa batayang talasalitaan mahalagang malaman at maunawaan mo ang tamang pagbigkas at pagsulat ng Alpabetong Filipino. Ang batayang talasalitaang pampaningin ay mga salitang makakatulong sa pagpapalawak ng kaalaman at kasanayan sa pagbasa at pagsulat.

Halimbawa:

| | | | |
|---|---|---|---|
| ang | kanilang | bata | dalawa |
| isang | habang | silang | kapatid |

# *Pagyamanin*

## Gawain ng Magulang/Tagapagturo

- Gabayan ang bata sa pagbabasa. Tulungan siya kung kinakailangan, maaaring sabayan mo siya o basahin nang malakas ang tula.
- Ipaliwanag sa kaniya ang gagawin

## Gawain ng Mag-aaral

- Makinig sa direksyon ng iyong magulang o tagaturo
- Sagutin ang mga gawain



Ikaw ba ay may kaibigan? Maituturing mo ba siyang kayamanan?

Ano ang madalas ninyong ginagawa? Maaari mo bang isulat sa patlang.

______________________________

______________________________

Ngayon ay basahin mo ang tula tungkol sa pagkakaibigan ng dalawang bata.

Handa ka na ba?


## “Kaibigan Ko”
Ni: Linor B. Majestad



O aking kaibigan
Kasama ko kahit saan
Maging araw o gabi man
Lagi kang nariryan.

Sa oras ng kagipitan
Ako ay iyong malalapitan
Problema ay pag-uusapan
Upang ito ay masosolusyunan.

O aking kaibigan
Lagi mong tandaan
Ikaw ay aking kayamanan
At mamahalin ko kailanman.



Nagustuhan mo ba ang tula?
Ngayon naman sagutin mo ang gawain A, B at C.

Gawain A


Panuto: Piliin ang letra ng tamang sagot at isulat sa sagutang papel.

1. Ano ang pamagat ng tula?
    a. Kaibigan Ko
    b. O Aking Kapatid
    c. Baul ng Kayamanan
2. Sino ang kasa-kasama ng tauhan sa tula?
    a. pinsan
    b. kapatid
    c. kaibigan
3. Ano ang sinusolusyunan ng magkaibigan sa tula?
    a. marka
    b. problema
    c. takdang-aralin
4. Ano ang nais ipahiwatig ng pahayag na "ikaw ay aking kayamanan"?
    a. Maluho ang kaibigan niya.
    b. Mahalaga siya sa buhay nito.
    c. Mayaman ang kanyang kaibigan.
5. Bakit mas mainam na may kaibigan ang isang batang kagaya mo?
    a. May mauutusan palagi.
    b. Mayroon kang mahuhuthutan.
    c. Sa oras ng problema ay mayroon kang masasandalan.

Gawain B


Panuto: Piliin sa loob ng kahon ang katugma ng salitang nasa ibaba. Isulat ang tamang sagot sa iyong sagutang papel.

| | | |
|---|---|---|
| kabibe | puro | lola |
| nanay | pari | |

1.  ube_________

2.  hari__________


3.  bola__________

4.  guro _________

5.  tatay _________

Gawain C


Panuto: Isaayos ang mga letra sa loob ng kahon upang mabuo ang wastong baybay ng salita. Isulat ang iyong mga sagot sa sagutang papel.

1.  a s p r t u _________________________

2.  n e l a s t s i ____________________________


3.  s a o r b ____________________________

4.  o g o b l ____________________________

5.  a k r t ____________________________



## *Isaisip*



Ang (1)_______________ay dalawang salitang magkatulad ang huling tunog ng mga ito. Kalimitan, ginagamit sa (2)_______________ at iba pang mga akdang patula ang pagkakatugma o (3)______________ sa huling pantig ng salita.

Nalaman ko rin na ang batayang (4)_________________ pampaningin ay mga salitang makakatulong sa pagpapalawak ng kaalaman at kasanayan sa (5)_____________ at pagbasa.

# *Isagawa*


## Gawain ng Magulang

- Gabayan ang bata sa pagsagot ng mga gawain.
- Basahin sa kaniya ang bawat aytem kung kinakailangan.


## Gawain ng Mag-aaral

- Makinig sa direksyon ng magulang o guro
- Sagutin ang mga gawain

A.Basahin ang pangungusap at isulat ang tamang pangalan ng larawan sa bawat bilang. Isulat ang iyong mga sagot sa sagutang papel.



1. Isang hayop na tumatalon at gumagawa ng tunog na "kokak".



_______________

2. Nagkukumpuni ng mga sirang tubo ng tubig.



_______________

3. Isang uri ng anyong tubig na mas malaki kaysa sa dagat.



_______________

4. Dito pumapasok ang mga mag-aaral upang matuto.




_______________

5. Ang iyong ipinagdiriwang tuwing araw ng iyong kapanganakan.




_______________



B. Mula sa pamagat na nakasulat sa ibaba. Buoin ang talata gamit ang salita sa kahon na katugma ng salita nasa loob ng panaklong.

| | | |
|---|---|---|
| iba | gamit | paaralan |
| nakasanayan | edukasyon | |

**Makabagong Edukasyon**

Sa ating (talahanayan) (1)_____________, may aktuwal na pag-aaral sa (karangalan) (2)_______________. Subalit (kaba) (3)_____________ ang makabagong (dedikasyon) (4)______________ dahil dito (damit) (5)____________ ay modyul.



# *Tayahin*

Ang galing-galing mong sumagot ng mga gawain, ngayon naman ay sagutin mo ang mga pagsasanay na inihanda ko para sa iyo.

Ano pang hinihintay mo? Tara na!



Pagsasanay 1

Panuto: Punan ang patlang ng angkop na salitang katugma ng salita sa kaliwa. Piliin sa kahon ang sagot. Isulat sa iyong sagutang papel.

1. prutas - ________________
2. mahina - ________________
3. malusog - ________________
4. katawan - ________________
5. pandemiya - __________

| |
|---|
| a. gatas |
| b. busog |
| c. pahina |
| d. pakwan |
| e. akademiya |

Panuto B: Piliin mo sa tatlong kahon ang salitang may wastong baybay. Gamitin mong gabay ang mga pangungusap. Isulat ang titik ng iyong mga sagot sa sagutang papel.

1. Ito ay anomang detalye ukol sa tao, sitwasyon, pangyayari, lugar, o bagay.

| A | B | C |
|---|---|---|
| empormasyon | inpormasyon | impormasyon |

2. Karaniwang bata o kabataan na pumapasok sa paaralan.

| A | B | C |
|---|---|---|
| istudyante | estudyante | estodyante |

3. Tawag sa lalaking guro.

| A | B | C |
|---|---|---|
| maistro | maestro | maestru |

4. Uri ng isang lamang dagat na tahanan ng mga perlas.


| A | B | C |
|---|---|---|
| kabibe | kabibi | kabebi |

5. Isang kagamitang panghiwa na may isa o dobleng talim.

| A | B | C |
|---|---|---|
| kutselyo | kotselyu | kutsilyo |

## *Karagdagang Gawain*

Ngayon ay paunlarin pa natin ang iyong natutunan sa ating aralin. Sagutan mo ang gawain A at B.



Gawain A

Panuto: Iguhit sa iyong sagutang papel ang masayang mukha  kung ang pares ng salita ay magkatugma at malungkot na mukha  naman kung hindi.


1. bahay – buhay
2. manatili – mahirap
3. ngayon – sitwasyon
4. panahon – tahanan
5. lagpasan – maiiwasan

Gawain B

Panuto: Punan ng angkop na salita ang bawat pangungusap. Gamiting gabay ang mga larawan na nasa kaliwa. Isulat sa papel o kuwaderno ang wastong baybay ng salita.



1. Ang __________ ay taniman ng mga halaman.



2. Mapait ang _____________.



3. Malansa ang amoy ng _____________.



4. Ang ___________ ay maaaring gawa sa kahoy o semento.



5. Ginagamit ang ___________ bilang proteksyon sa ulan at sikat ng araw.

# Susi sa Pagwawasto

**SUBUKIN**

A.

| | |
|---|---|
| Ilaw | <u>ilaw</u> at <u>dilaw</u> |
| Dalawa | |
| Isa | |

B.

1. lalaki
2. gusali
3. naglalaba
4. kumakanta
5. nagtitinda

**BALIKAN**

1. C
2. B
3.A
4. C

**TUKLASIN**

GAWAIN A

| | |
|---|---|
| 1. B | masaya-pamilya |
| 2. A | nanay-tatay |
| 3. C | nagmamahalan-nagtutulungan |
| 4. C | gabay-patnubay |

GAWAIN B

| | |
|---|---|
| 1. bakante | 4. aralin |
| 2. tahanan | 5. sakuna |
| 3. trabaho | |

**PAGYAMANIN**

GAWAIN A

1. A
2. C
3. B
4. B
5. C

GAWAIN B

1. kabibe
2. pari
3. lola
4. puro
5. nanay

GAWAIN C

1. prutas
2. braso
3. tsinelas
4. globo
5. trak

**ISAISIP**

1. salitang magkatugma
2. tula
3. magkapareho
4. talasalitaan
5. pagsulat

KARAGDAGANG GAWAIN

GAWAIN A

1. 

2. 

3. 

4. 

5. 

GAWAIN B

1. paso
2. ampalaya
3. isda
4. bahay
5. payong

ISAGAWA

GAWAIN A

1. palaka
2. tubero
3. karagatan
4. paaralan
5. kaarawan

GAWAIN B

1. nakasanayan
2. paaralan
3. iba
4. edukasyon
5. gamit

PAGSASANAY 1

1. A
2. C
3. B
4. D
5. E

PAGSASANAY 2

1. impormasyon
2. estudyante
3. maestro
4. kabibe
5. kutsilyo

# *Sanggunian*

Cardinoza F., Trapane J., Alde, Rolle, Brana J., Ramilo R., Margallo L.,

Jaurigue M., Castro D., 2014. *Gabay ng Guro sa Filipino 3*. DepEd – IMCS

Salazar M., Ambat A., Agustin L., Natividad NR, Reyroso C.,2013. *Batang Pinoy Ako*. DepEd – IMCS

**Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:**

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph